



# PNSLAI *Insights*

(UPDATES, FAQs, AND ESSENTIAL INFORMATION)

*Mga dapat nating malaman tungkol sa*

## **CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)**

*Your guide to the PNSLAI Cash Advance / Advance Intended Dividend (AID)*

### **1. Ano ang CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

Ang CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID) ay maaaring makuha ng isang PNSLAI member, na katumbas ng halaga ng kanyang dividend sa Capital Contribution sa pagtatapos ng 1<sup>st</sup> Semester ng kasalukuyang taon.

### **2. Bakit may CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

Ang CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID) ay isang option na ibinibigay sa members bilang sagot sa kanilang pangangailangang pinansyal, sa pamamagitan ng pagbibigay ng bahagi ng kanilang dividend nang mas maaga.

### **3. Iba pa ba ito sa ibinibigay na dividend?**

Ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Circular No. 789, series of 2013, ang mga Non-Stock Savings and Loan Association (NSSLAs), tulad ng PNSLAI, ay maaari lamang magbigay ng dividend (or Net Income Distribution) isang beses sa isang taon.

Ngunit bilang konsiderasyon sa pangangailangan ng members, ang NSSLAs ay puwedeng magbigay sa mga members ng “cash advance” ng kanilang dividend sa kalagitnaan ng taon.

**Note:** Ang makukuhang cash advance ay ibabawas sa halaga ng dividend na posibleng matanggap sa pagtatapos ng taon.

### **4. Kailan ibinibigay ang CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

Ang pag-release ng CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID) ay kadalasang sinisimulan sa 3rd week ng July hanggang December.

### **5. Magkano ang makukuhang CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

Ang makukuhang Cash Advance (AID) ay depende sa Capital Contribution balance ng member, at napagkasunduang interest rate ng PNSLAI Board of Trustees sa pagtatapos ng 1st Semester.







# PNSLAI *Insights*

(UPDATES, FAQs, AND ESSENTIAL INFORMATION)

*Mga dapat nating malaman tungkol sa*

## **CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)**

*Your guide to the PNSLAI Cash Advance / Advance Intended Dividend (AID)*

### **6. Ang interest rate ba para sa CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID) ay ang magiging dividend rate para sa buong taon?**

Hindi tiyak na ang interest rate para sa Cash Advance (AID) ay siya ring magiging dividend rate sa katapusan ng taon. Puwede pa itong tumaas o bumaba, dahil nakadepende ang dividend rate sa kabuuang kita ng PNSLAI sa pagtatapos ng taon.

### **7. Sino ba ang makatatanggap ng CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

Lahat ng PNSLAI members ay makatatanggap ng CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID), NGUNIT tandaan na ang halagang makukuha ay depende sa nilalaman ng Capital Contribution account.

### **8. Paano ba makakuha ng CASH ADVANCE / ADVANCE INTENDED DIVIDEND (AID)?**

**STEP 1.** Mag-fill out ng Cash Advance (AID) Form na available sa lahat ng PNSLAI offices.

Puwede rin itong ma-download sa official website, <https://click.pnslai.com.ph/cash-aidform>. Ipadala ang digitized copy ng accomplished Cash Advance (AID) Form sa email address na [pnslai.opsdept@gmail.com](mailto:pnslai.opsdept@gmail.com).

Ang deadline ng submission ay hanggang sa [June 30, 2026](#).

**STEP 2.** I-monitor ang official website ([www.pnslai.com.ph](http://www.pnslai.com.ph)) at Facebook page ([facebook.com/pnslai](https://facebook.com/pnslai)) para sa announcement ng pag-release ng Cash Advance / Advance Intended Dividend (AID).

**STEP 3.** Magpunta sa pinakamalapit na PNSLAI office upang makapagpa-update ng passbook, at makapag-withdraw.

**Note:** *Cash Advance / Advance Intended Dividend (AID) ay ipapasok sa inyong SAVINGS DEPOSIT ACCOUNT (SDA- green passbook)*

*Maraming salamat!*